

Santigaman (Sa ngaran han tigaman): Hapag ng Bayan sa Kalinangang Babaylan at Bagani sa Kabisayaan

GLORIA E. MELENCIO

ABSTRACT

Umiiral ang bayanihan (Tagalog), burubligay (Bisaya) at pagtinabangay (Mindanao) sa anumang bayan sa Pilipinas sa panahong may pangangailangan lalo na sa gitna ng digmaan, kahirapan, gutom at at sakit katulad ng sa kasalukuyang panahon ng pandemyang dala ng COVID-19. Sa pagtatayo ng mga community pantry na sinimulan ni Ana Patricia Non ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman nitong 2021, tinatawag na “hapag ng bayan” sa

GLORIA E. MELENCIO is an Assistant Professor at the University of the Philippines Los Baños, Laguna. She is currently writing her Ph.D. History dissertation in UP Diliman. Aside from history, Prof. Melencio has worked on gender issues, culture, migration, journalism, human rights concerns, environmental themes, literary, and leadership topics.

wikang Tagalog,¹ makikita ang sariling pagkukusa at pagmamalasakit ng karaniwang mamamayan sa gitna ng krisis na kinakaharap ng henerasyong ito.

Mauugat ito sa kalinangang babaylan at bagani sa Kabisayaan bago pa man dumating ang mga dayuhang mananakop sa Pilipinas noong ika-16 na dantaon.² Nananatili itong buháy hanggang ngayong ika-21 dantaon—sa iba't ibang anyo at katawagan patungkol sa pagiging magalang, matulungin, palakaibigan, maawain, at mapagmahal.³ Bunsod ito ng kalinangang matrilenyal na bagaman nagkaroon ng kakaibang hugis pagpasok ng Kanluraning kaisipan sanhi ng kolonisasyon sa paglipas ng panahon, nanatili naman ang esensya at kabuluhan nito sa kaibuturan ng lipunang Pilipino.

Tinatalakay sa papel na ito ang lalim ng dalumat ng mga salitang bayani, babaylan, pulahan at aswang kaugnay ng salitang santigaman, mula sa salitang Latin na santiguar. Nangangahulugan itong dasal na lumangkap sa salitang Bisayang tigaman. Pagtitipon ito sa kagyat na tingin at simula ng pag-aantanda at pagkukrus sa noo ng mga mamaratbat. Mga matatandang babae silang namumuno sa mga rosaryo at iba pang dasal ng Katolikong Simbahan sa mga bayan at liblib na pook sa Leyte at Samar.

Sa bayanihang ito nagmula ang mga pangalan ng bayan sa Kabisayaan katulad ng Campetic (kan Pitik), Candahug (kan Dahug), Carigara (kari Gara), Dagami (kan Dagami) sa Leyte; Calbiga (kan/kanda

Biga), Gandara (kan Dara), Calbayog (kan Bayog) at Catbalogan (kanda Balog/Balogan) sa Samar. Gayundin ang Candoni (kan Doni) at Calatrava (ka la Traba) sa Negros; at Calape (kan Lape), Candijay (kan Dihay), at Jetafe (Hi Tape) sa Bohol.⁴

Nakalangkap sa mga salitang ito ang mga birtud, agimat ang pakahulugan sa lipunang Bisaya, ng pagkakaroon ng mabuting loob, pagmamalasakit sa kapuwa, pagpapakumbaba at katapatan—pawang mga katangian ng baganing mandirigma ng mga Manobo sa Silangang Mindanao. Gayundin ang mga idinarasal ng mga babaylan na kahimayaan (kaginhawaan) at kalungaringon (pagsasarili) na pawang nakasalig sa *katuuran* (katotohanan), *katadungan* (kawastuhan), at *katalwasan* (kaligtasan).⁵

KEYWORDS

santigaman, babaylan, mamaratbat, bayanihan, hapag ng bayan, ilihan

PANIMULA

Nakaugat sa dalumat ng santigaman ng sinaunang pamayanang Pilipino sa Kabisayaan ang bayanihan at hapag ng bayan. Salitang Bisaya ang santigaman; pinagsamang mga salitang Latin na *santiguar*, na nangangahulugang dasal, at Binisayang *tigaman*, pagtitipon ng mga taong tinatawag upang dumalo sa rituwal, pagpupulong o pabatid sa bayan.

Nasa kaibuturan ng kalinangang Bisaya ang pagdadamayán at pagtutulungang makikita sa panahon man ng kasayahan, digmaan, sakuna, sákit at sakít.

Sasaliksikin ng papel na ito sa kasaysayan ang pinagmulan ng salitang tigaman at kaugnayan nito sa sama-samang pagtutulungan at bayanihan sa pamumuno ng babaylan sa panahon ng matinding pangangailangan. Tutuklasin ng papel kung paanong nawala ang mga pinunong tagausal ng salitang ito ngunit naisalin sa paglipas ng panahon sa mga mamaratbat, kababaihan ang karamihan, mga namumuno sa pagdarasal sa Samar at Leyte hanggang ngayong ika-21 dantaon.

Nasa simula ito ng Katolikong dasal ngunit kung susuriin, hindi naman ito pang-Katoliko. Inuusal ang panalangin nang ganito: “Santigaman, sa Santa Cruz, sa ngaran han Amay, han Anak, han Dios Espiritu Santo, Amen.” Bakit nasa unahan Santa Cruz ang Santigaman? Paanong naisingit ito sa pag-aantanda? Bakit nanatili ang salita kahit nawala ang salitang babaylan sa pang-araw-araw na talasalitaan ng mga karaniwang mamamayang wala sa larangan ng akademya? Ano ang kaugnayan nito sa bayanihan, pagdadamayán, pagtutulungan at hapag ng bayan?

Pumaimbulog ang salitang santigaman sa pang-araw-araw na buhay ng mga mamamayang Katolikong Bisaya, higit na may pinakamalaking populasyon sa Kabisayaan, dala ang isang lihim na siyang tutuklasin sa kasaysayan sa papel na ito.

SANTIGAMAN

Pinaghalong salitang Latin at Bisaya ang santigaman:⁶ mula sa Latin na *santiguar* (to pray) at Bisayang *tigaman*, tigman o paratigman, pinakamahalagang panaganito at rituwal na isinasagawa ng babaylan.⁷ Narito pa ang dagdag na tala ng mananaliksik hinggil sa salitang tigaman:

“Pagtigman – isang sakripisyong iniaalay pagkaalis ng mga mangangaso patungong gubat o kabundukan. Nangangahulugan din itong pagtitipon ng marami, kalalakihan at kababaihan kasama ang matatanda at mga bata; pinakamahalaga at pinakakilalang paganito or panaganito noong ika-17 dantaon. Mula sa salitang tigaman, nag-uugat ang mga sumusunod pang salita:

“Katigman – isang uri ng paganito.

Paratigman – Taong may natatanging malakas na tinig na pinaaakyat sa pinakamataas na puno upang magtawag ng mga tao para magtipon; katawagan din sa mga taong nagtitipon”⁸

Nagsanib ang salitang *santiguar* at *tigaman* at kalaunan, mabubuo ang salitang *santigaman*, nangangahulugang sa ngalan ng mga anito o ninuno. Nangangahulugan din itong sa ngalan ng mga taong nagtitipon para sa rituwal ng babaylan.

Para maisagawa ng babaylan ang *tigaman*—sa panahon ng pag-aalay ng dasal sa mga ninuno, pagluluksa

o pagbababang-luksa, pagkapanganak at pagpapangalan sa isang sanggol o sa kasal—nagkakaroon ng pag-aalay ng pagkain sa altar, tinatawag na pantaw.⁹ Gayundin, bago ang santigaman, tampok ang pagluluto nang maramihan sa kawa.¹⁰ Matapos ito, isinasagawa ang pinakahihintay ng lahat—ang masaganang kainan. Isinasahapag ang nilutong pagkain sa isang mahabang dulang at nagsasalu-salo ang mga taong dumalo sa tapòs (banayad ang bigkas sa salitang tapòs; tawag ito ng mga Bisaya sa handaan o masaganang kainan matapos ang pagdarasal).

Tampok hanggang sa kasalukuyang ika-21 dantaon ang tapòs (malumanay ang bigkas), pinakahihintay na kainan ng lahat matapos ang pagdarasal. Mga mamaratabat na at hindi na tinatawag na babaylan ang nangunguna sa pagdarasal sa tapos. Ginagamit ng mga mamaratbat sa pangunguna sa pagdarasal ng rosaryo ang santigaman. Inuusal ang salitang santigaman kasabay ng pagsasagawa ng pag-aantandang pakrus sa noo at dibdib (sign of the cross) tanda ng simula ng Katolikong dasal.

Hindi nawala sa talasalitaang Bisaya ang salitang tigaman. Sumanib, pumaimbulog at inangkin ito ng mga mamaratbat, mga Bisayang pinunong magdarasal na babae rin ang karamihan, tulad ng babaylan.

ANG BABAYLAN

Mahigpit na magkaugnay ang mga salitang tigaman at babaylan. Bukod sa pagiging tagapayo ng datu lalo na sa panahon ng pangangayaw nila o pandarayuhan at paglusob sa kalaban, manggagamot o tambal din ang babaylan. May

mayaman siyang kaalaman sa mga halamang panlunas sa sakit. Mandirigma rin siya kung kinakailangan. Nanguna ang babaylan sa mga naganap na paglaban sa mga mananakop na Espanyol noong ika-16 na dantaon. Walang pangalan ang karamihan sa kanila sa dahon ng kasaysayan. Manaka-nakang pagkakataon lamang na lumalabas ang pangalan nila ngunit tumatagos ang salitang babaylan sa mga lumaganap na salita sa Kabisayaan. Pangunahin na ang salitang santigaman.

Nagkaroon ng interes maging si Jose Rizal sa salitang babaylan. Sa palitan nila ng liham ni Dr. Ferdinand Blumentritt noong ika-19 na dantaon, pinag-aaralan ni Rizal ang salitang babaylan sa Mindanao noong ipinatapon siya sa Dapitan.¹¹

Kung susundan din ang yapak niya sa pananaliksik, matutuklasang dumayo si Rizal sa Iloilo at nagsimba sa simbahang may 16 na santa—tigwalong babaeng imahen sa sa bawat hilerang sa pagbungad hanggang makarating sa altar ng simbahan. Hindi na niya mapalalawig pa ang pag-aaral sa babaylan dahil ikinulong na siya sa Espanya mula sa Dapitan, ibinalik sa Pilipinas, at binaril sa Bagumbayan noong 1896.

Umiral at palasak na salitang karaniwang ginagamit ang babaylan noong ika-16 na dantaon. Sila ang pangunahing tagapayo ng mga datu, tambal o manggagamot, maalam¹² at ugnay ng Bathala sa mundo ng mga tao.¹³

Nanggaling ang salitang “balian” mula sa salitang “bali” ng mga sinaunang Austronesyano. Nangangahulugan

itong “geleiten” o “begleiten” sa wika ng grupong Malayo-Polynesian na ang ibig sabihin ay “ihatid,” “abayan” o “samahan” ng paring babae ang kaluluwa ng namatay patawid sa kabilang buhay.¹⁴ Mula sa salitang “bali,” dumaan ang salita sa ebolusyon ng “belian, balyan, bagdan, babaylan at iba pa.”¹⁵ Maaaring sa salitang ito nanggaling din ang salitang bae, katawagan sa matandang babae sa wikang Ilocano. Pati ang pangalan ng bayang Bae sa Laguna (na maaaring saliksikin pa sa hinaharap) ay malamang na katatagpuan ng mga babaylan.

Kung laganap ang salitang Austronesyanong ito, ano ang nangyari at nawala ito sa bokabularyo ng mga karaniwang mamamayang Bisayang labas sa komunidad ng akademiya?

PAGSUPIL SA BABAYLAN AT SA TIGAMAN

Dahil sa malaki ang impluwensya ng babaylan sa paniniwalang espirituwal at pang-araw-araw na buhay ng lipunang Bisaya, naging banta sila sa pananakop ng mga kolonisador. Kailangan silang alisin sa landas ng mga prayleng nagtuturo ng Kristiyanismo dahil sa taliwas na paniniwala sa relihiyong nagmula sa Kanluran. Sa tigaman, ipinagpapatuloy ng babaylan ang pagpapahalaga at pananampalataya sa mga ninuno, tinatawag na anito. Panaganito ang tawag sa rituwal ng pagdarasal sa kanila. Pinakamataas na antas ng panaganito ang tigaman. Pinakamataas na babaylang tinatawag na katuuran (katotohanan; truth) ang nagsasagawa ng tigaman.¹⁶

Sa tigaman, ipinapagpatuloy ng mga babaylan ang pag-aalay ng dasal sa mga anitong nananahan sa mga bundok, puno, katubigan, kalupaan, bato at iba pa—mga buháy at hindi buháy na mga bagay at pawang di nakikitang (“diri hikirit-an”) mga elemento sa kapaligiran. Kaya nga hanggang ngayon, nagsasabi pa rin ang mga Bisaya sa tuwing maglalakad sa madadawag na damuhan o pook nang ganito: “Tabi, tabi. Maagi la” (Paumanhin. Makikiraan lang po). O kapag may nagkasakit, nag-aalay ng pagkain sa paanan ng puno o sa anumang bahagi ng pook na pinaniniwalaang may nuno o mga diri hikirit-an na maaaring naabala, nasagi, natapakan o nasaktan ng taong nagkasakit.

LAKAS NG BABAYLAN MULA SA SANTIGAMAN

Dahil ang babaylan ang nag-uugnay sa mundo ng mga tao at sa mga bathala na mula sa ikaanim na antas ng langit tungo sa ikapitong antas,¹⁷ pinaniniwalaang naisasagawa niya ang pakikipag-usap sa mga bathala at anito. May kapangyarihan siyang tumawid mula sa mundo ng mga buhay hanggang sa mundo ng mga patay; o mundo ng mga buhay tungo sa mundo ng mga anito. Anupa’t pinunong espirituwal ang mga babaylan. Naisasagawa ito sa pamamagitan ng paglulunsad nila ng rituwal ng panaganito o tigaman.

Isinasagawa ang tigaman sa ganitong paraan: Sa hudyat ng babaylan, umaakyat sa pinakamataas na puno ang paratigman, taong may pinakamalakas na tinig sa buong banua (bayan). Tinatawag niya ang mga taong pumunta

sa pook na pagdarausan ng tigaman sa isang takdang panahon. Kapag nangagtipon na ang mga tao, magsusuot ng anumang may kulay pula ang babaylan. Sa pagsusuot ng pulang damit pinaniniwalaang makikita agad ng anito ang babaylan sa mga nagtitipong tao para agad na siya ang lapitan. Kapag nagsayaw ang babaylan, nangangahulugang dumating na ang espiritung hindi nakikita sa mundo ng mga tao. Yumuyuko at bumubulong ang mga tao bilang tanda ng paggalang sa bagong dating na espiritu.¹⁸

Napakalaki ng papel ng mga babaylan sa lipunang Bisaya na tumatagos sa larangang espirituwal. Sila ang kumakatawan at nagtataguyod ng mga paniniwala ng lipunang Bisaya bago pa man dumating ang mga mananakop na dayuhan. Ang kabuluhan at katangian nila sa lipunang Bisaya ang banta sa tuluyang panghihimasok at pagpapalit ng paniniwalang katutubo tungo sa Kanluraning relihiyon. Kailangang supilin ang mga babaylan ng mga mananakop upang magtagumpay ang mga ito sa kanilang layunin.

Ayon sa mga tala, pinapatay, pinupugutan ng ulo, hinahati-hati ang katawan at tinatadtad ng itak¹⁹, itinatali sa kawayan at inilulubog sa tubig upang ipakain sa buwaya ang mga babaylan sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol.²⁰

Mga babaylan ang unang nagbabala sa mga datu sa tangkang pagpasok ng mga dayuhan sa kanilang bayan noong 1521. Pinaniniwalaan nilang kayang makita ng mga babaylan ang hinaharap. Káya nilang magbigay ng prediksiyon, at alam nila ang mangyayari kapag patuloy

silang makipagmabutihan sa mga Espanyol. Anila sa isang babala:

“...For this settlement shall be dispersed; this place shall be moved. Yea, this town shall fall; this place shall be uprooted”²¹

Gumawa ang mga babaylan ng mga hakbang upang hindi magtagumpay ang mga Espanyol sa kanilang pananakop. Mula Homonhon, Samar kung saan unang dumaong sina Ferdinand Magellan, nagpalipat-lipat ang mga babaylan sa mga isla at nagbabala sa mga Bisaya sa pamamagitan ng awit. Dahil kinikilala silang tagapayo ng datu at pinunong espirituwal, pinaniniwalaan sila ng mga mamamayan. Naging banta ang karunungan at kapangyarihan nila sa mga Espanyol. Anang tala sa *Historia*:

“Furthermore, their babaylans who were their priestesses made every effort so that the Spaniards might not set foot on land; for the devil with whom they were in accord, seeing that his reign was about to end, acted with more than usual vigor through his infernal ministers.”²²

Sa paniniwala ng Espanyol, tauhan ng demonyo ang mga babaylan at kumakatawan umano sa kasamaan dahil lihis ang mga ito sa Kristiyanismo. Isa sila sa mga banta sa malayang pagpasok ng Espanyol sa Kabisayaan kaya kailangang lipulin. Ang paghuli sa mga babaylan, pagbilanggo sa kanila, pagpatay at pagpapatapon sa Palawan ay isa ring nakitang paraan ng mga mananakop noon para maalisan sila ng kapangyarihan. Naglunsad ng batas-militar at *Inquisition* ang mga Espanyol sa Samar nooong

ika-18 dantaon:²³ Ipinagbawal ang paglabas ng mga tao kapag kabilugan ng buwan; ipinasunog ang mga larawan, rebulto at anumang pagkakakilanlan ng sinasambang anito o ninuno. Ipinagbawal din ang pagpupulong at pagsasama-sama lalo na ng mga kababaihan, maging ang pagsasagawa ng pagdarasal tuwing kabilugan ng buwan. Katulad ng katawagang patriyarkal na Europeo sa mga babaeng matatapang at lumalaban sa kolonisador na inakusahang mga “bruja” (*witches*) o may “brujeria” (*witchcraft*) bago pa man dumating si Ferdinand Magellan sa Pilipinas noong ika-16 dantaon, tinawag din ang mga Bisayang babaylan na bruha at aswang.

Kung kabilugan ng buwan nagsasagawa ng rituwal at pagsamba ang mga babaylan. Maraming antas ng rituwal at marami ring antas ang kalagayan ng babaylan sa lipunan. Ang paganito ang pinakamataas na anyo ng rituwal na isinasagawa ng pinakamatandang babaylan, kinikilalang pinakamaalam at may kapangyarihang umakyat sa ikaanim na langit²⁴ at makipag-ugnayan sa mga espiritu sa kabilang daigdig. Tinatawag din siyang katuuran (katotohanan),²⁵ bagay na nagpapakita ng pagtatangka nitong igiit ang sarili sa kaligirang inaalisan siya ng espasyo at pinupulaang masama, mali at demonyo.

Ang Heswitang paring si Francisco Alcina, nanirahan nang matagal sa Kabisayaan noong ika-17 dantaon, ay may malinaw na paglalarawan kung sino ang mga babaylan at ano ang papel nila sa lipunang Bisaya. Inilarawan niya itong mga babaeng nagsasagawa ng rituwal kung kabilugan ng buwan. Nagsasagawa sila ng mga pagdarasal taliwas sa itinuturo ng simbahang Katoliko.

Ipinapangalan ng mga magulang sa kanilang mga anak na magiging babaylan ang 52 iba't ibang yugto ng buwan noong ika-17 dantaon.²⁶ Nawala ito sa pagpapagamit ng kalendaryong Gregorian ng mga mananakop na Espanyol na nakabatay sa araw (*solar calendar*) at hindi na sa nakasanayang buwan (*lunar calendar*) ng mga Bisayang ninuno.

May mahigpit na kaugnayan ang mga babaylan kina Dagohoy ng Bohol, Tamblot at Tapar (malamang na isang asog, lalaking babaylan), Sumuroy ng Samar (babaylan ang kanyang ina) at Bangkaw ng Leyte (si Pagali ang kanyang babaylan). Dahil sa Silangang Bisaya pangunahing naglunsad ng planong paglipol sa mga babaylan, nabura ang salitang ito sa mga taga-Samar at Leyte. Kung hindi man nila napatay ang mga sumunod na henerasyon ng babaylan mula sa ika-16 na dantaon, ipinatapon naman ang mga ito sa Isla del Paragua o Palawan mula noong ika-18 hanggang ika-19 na dantaon dahil punong-puno na ang mga piitan sa Samar at Leyte. Ipinasama sa pagpapatapon sa mga pinaghihinalaang babaylan ang kanilang mga anak habang ipinadala ang kalalakihan sa mga bilangguan sa Bilibid, Jolo, Cotabato, Zamboanga, Dapitan, at Marianas.²⁷

SI ASUANG

Bathalang tagabantay ng bahay si Asuang.²⁸ Siya ang nasisigurong ligtas ang mga maiiwan sa bahay ng mandirigmang mangangayaw o mangangaso. May kapangyarihan siyang protektahan ang mandirigmang nakasakay sa *cora-cora*, sasakyang pandigmang ihinugis sa bakunawa. Tinatawag itong inaswangan, nangangahulugang

may kapangyarihan.²⁹ Nagkaroon siya ng negatibong imahen at naging aswang na kumakain ng atay at puso ng tao sa panahong ipinairal ng mga Espanyol ang batas-militar at *Inquisition* sa Samar kasabay ng *curfew*. Hindi nakapagtataka kung bakit maraming aswang diumano sa mga pook na maraming babaylan katulad ng Siquijor, tinatawag na Isla del Fuego ng mga Espanyol, dahil sa dami ng alitaptap doon sa gabi; Samar at Leyte, pinaniniwalaan ding may mga mambabarang at aswang. Upang makontrol ang malayang paglabas ng mga tao sa gabi, ipinairal ang pananakot sa mga babaylan na hindi lamang sila demonyong naging aswang na rin ang imahen nila na mula sa pagiging bathala, naging aswang na si Asuang.

Laganap ang kuwento ng presensya ng mga aswang sa Kabisayaan dahil marami rito ang babaylan—lalo na sa Capiz, Samar, Leyte, at Bohol. Karaniwang inilalarawan inilalarawan silang matatandang babaeng naninirahang mag-isa, may mahaba at magulong buhok, nanlilisik ang mata at kumakain ng atay, apdo, at mga sanggol na nasa sinapupunan pa lamang.

Kasabay rin nito ang ebolusyon ng imahen ni Nagmalitong Yawa, pangunahing tauhan sa epikong Hinilawod, 30 oras na ikinukuwento nang paawit nang walang patid sa Panay. Naging katumbas ang pangalan niyang Yawa sa demonyo ng Espanyol. Dito nanggaling ang alimurang “pesteng yawa” sa mga Bisaya. Sa transpormasyon ng kahulugan ng salitang yawa, naging isang ganap na demonyo na ang diwatang si Yawa sa wikang Binisaya, Waray, Ilongo, Hiligaynon, Kinaray-a, Cebuano, at iba pang wika sa Kabisayaan.

ANG TIGAMAN AT BAYANIHAN

Nanatili ang dalumat ng tigaman at nagpatuloy ang pagpapahayag nito sa anyo ng bayanihan sa wikang Tagalog, burubligay o tiklos sa wikang Waray o Binisaya at pagtinabangay sa wikang Mindanaoan. May katangian ito ng paghahasahapag sa bayan ng pagkain. Nagaganap ito kapag may pagtutulungan sa pagbubuhat at paglilipat ng bahay, paglilinis ng bukid, pagtatanim at pag-aani; o kaya naman, kapag may padasal at may patapòs (banayad ang bigkas; nangangahulugang handaan). Palaging sa kainan sa mahabang dulang o hapag ng bayan ang dulo ng lahat ng mga aktibidad na ito.

Mula sa salitang bayan ang bayani. Kapag nagtutulungan ang mga bayaning ito, may pinuno man o wala, nagiging bayanihan ito ng bayan. May magkatulad na katangian ang mga babaylan at bayani sa lipunang Pilipino. Pareho silang nagtataglay ng pagmamalasakit at kumikilos hindi lamang para sa sarili; may pag-ako sila sa tungkuling magsilbi sa higit na nakararami. Dahil pareho silang banta sa mga Espanyol, ginamitan sila ng panghihikayat na umayon sa kolonyal na sistema at ng dahas para naman sa hindi tumanggap sa mananakop.

ANG PULAHANES SA PANAHOON NG AMERIKANO

Sa kumpol-kumpol na mga isla sa Silangang Kabisayaan nagkaroon ng Pulahanes, partikular sa Samar, mga Pilipino itong lumaban sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Mula sa salitang pula ang katawagan sa kanila dahil nagsusuot sila ng kulay pula sa anumang bahagi ng

katawan—pang-itaas, pang-ibaba, panyo sa ulo, *armband* at kung ano-ano pa. Kung babalikan ang kasaysayan noong 1521, itinala ni Pigafetta ang isang rituwal na nakita nila noong dumaong sila sa Samar. Naglalagay ng dugo sa noo ang babaylan sa mga taong nakapaikot sa rituwal; pero hindi nilalagyan ng babaylan ang noo ng mga dayuhan, ayon pa sa tala ni Pigafetta.

Gayundin, nagsusuot ng kulay pula o anumang pagkakakilanlang pula ang babaylan sa pagsasagawa niya ng panaganito. Ginagawa niya diumano ito upang makilala siya ng mga espiritu at sa kanya lumapit ang mga ito sa pagtawag niya upang mapagaling ang maysakit sa rituwal na tinatawag na *agaw-tawag-bawi* sa panggagamot tulad ng ginagawa ng mga babaylan noong ika-16 na dantaon. Katulad ni Asuang, isang bathala si Mamamawi. Pumaimbulog din ang salitang mamamawi sa lipunang Bisaya.³⁰ Siya ang tinatawag ng babaylan upang mabawi ang kaluluwa mula sa mundo ng mga patay pabalik sa mundo ng mga buháy—lalo sa panahon ng pagkakasakit.

ANG MAMARATBAT AT PARASABAT SA PANAHO NG AMERIKANO

Nawala sa pang-araw-araw na talasalitaan ng mga karaniwang mamamayan ang salitang babaylan sa Samar at Leyte.³¹ Napalitan ng mamaratbat at parasabat ang papel nila sa lipunan. Tulad ng babaylan, may katuwang din ang mamaratbat sa pagdarasal—sila ang parasabat o tagatugon sa dasal. Tulad ng babaylan, naging pinunong espirituwal din sila sa pamamayagpag na ng Katolikong relihiyon.

Ani Melencio sa kanyang masteradong tesis:

“Lumabas ang salitang mamaratbat sa mga dokumento at babasahin sa kasaysayan bilang paglalarawan kay Icasiana Nacionales, tinatawag na Duday Sana noong kabataan niya at Apoy Sana ng kanyang mga apo sa tuhod (sa pamangkin; matandang dalaga siya) sa kasalukuyang ika-21 dantaon. Mahalaga ang papel na ginampanan niya sa makasaysayang Balangiga Encounter³² kaugnay sa naganap na digmaan sa pagitan ng Pilipinas at Amerika.”

Kasabay nito, lumaganap nang palihim ang mga nakasulat na dasal sa mga kapisang papel. May mga instruksiyong magdasal ang mga Bisaya lalo sa gitna ng kaguluhan. Isa rito ang *Mangadi kita* (Magdasal tayo), instruksiyon para sa batalyon ng gerilya ng “Bathalismo Moderno-La Religion del Katipunan (PIR 1901, rare document).”

Naniniwala ang mga Bisayang Katipunero sa Lumikhang makapangyarihan sa lahat. Sa panahon ng kagipitan, humuhugot ng lakas ang mga Waray sa makapangyarihang ito.

Banggit pa ni Melencio sa kanyang masteradong tesis:

“Ang pag-alpas sa panunupil ng mga kolonisador na Espanyol ang pinaghuhugutan ng lakas ng mga babaylan noong ika-16 na dantaon at nagpatuloy na ibinandila ng KKK noong ika-19 na dantaon.”

Sa panahon ng Amerikano, nanatili ang diwang mapanlaban ng mamaratbat. Kundi sila naging maestras na nagtuturo ng katekismo,³³ naging mandirigma naman sila sa panahon ng Amerikano.

Sa paglulunsad ng Balangiga Massacre ng mga Amerikano bilang ganti sa matagumpay na pagpatay ng mga Pilipino sa 48 sundalo ng 9th U.S. Infantry noong ika-28 ng Setyembre 1901, tumakas mula sa Balangiga ang mga lumalabang Bisayang ito papuntang kabundukan.

Nagsilbing kuta ang Bundok ng Minarog sa Samar kung saan magtatayo ng ilihan³⁴ ang mga tinugis ng Amerikano. Pangunahing pinuno rito si Bruna Fabrigar, kilala sa tawag na Ti Bunang. Nagtayo siya ng isang komunidad sa kabundukan na may konsepto ng tulungang tinatawag na *burububligay at tiklos*³⁵ o bayanihan. Tulung-tulong na nagsasaka at nagtatanim ang kalalakihan at kababaihan sa pook na ito. Gayundin, may sistema at organisado sila sa pagkain, pagluluto, pagdarasal at panggagamot. Katulad ng kay Isabel Suarez sa Bundok Banahaw, mayroon din silang hapag ng bayang nasa gitna ng kanilang komunidad sa Bundok Minarog. Organisado at maayos ang hapag ng bayan. May kanya-kanyang tungkulin ang mga mamamayan: May mamimitas at mangunguha ng kakainin; may mga maghihiwa at mag-aayos ng mga sangkap; may magluluto nang maramihan, may maghahain sa hapag; may magtatawag sa mga nagtatanim upang umahon na at kumain; at may magliligpit ng kinainan at maghuhugas ng pinggan.³⁶

ILIHAN AT BAYANIHAN

Natuklasan ni Emmanuel Leron, instruktur sa Unibersidad ng Pilipinas-Visayas, ang isang ilihan sa Antique nitong taong 2019. Sa pamamagitan ng *Google Earth Satellite*, nakita niya ang hagdan-hagdang palayan sa ibabaw ng Bundok Igmatongtong sa Lauan, Antique. Hinuha rin ng nagsulat ng papel na ito na may kaugnayan ang salitang ilihan sa Bundok Iring-iring kung saan nagtayo ng ilihan si Dagohoy, dating lumaban sa Espanyol, noong ika-18 dantaon. Sa wikang Bisayang nag-uulit ng salita (*bisyllabic* sa Ingles), dalawa ang kahulugan nito: imitasyon o maliit lamang ito; mala-ilihan kumbaga. Hindi kasinlaki ng Banaue Rice Terraces ang hagdan-hagdang palayan sa Bundok Iring-iring ngunit kinaya nitong pakainin ang mga nag-aalsa pati na ang mga pamilya nilang nagkubli sa ilihan, isang ligtas na pook sa panahon ng digmaan.

Napanatili ng mga tagasunod ni Dagohoy (na siyang magpapatuloy ng labang sinimulan niya—na unang pinamunuan ng kanyang nakatatandang kapatid—kung kaya umabot ito sa 85 taong pakikidigma), ang sinaunang inhinyeriya (*indigenous engineering*) ng hagdan-hagdang palayan katulad ng sa Banaue Rice Terraces. Kahilingan nina Dagohoy noong magkaroon ng sariling sinasakang lupa at hindi na magbayad pa ng buwis sa pamahalaaang Espanyol. Tulad ng sa Cordillera, nagbibigayan at naghahati-hatian rin sila sa anumang pagkain o likas na yamang nakukuha sa lupa. Isa itong dahilan kung bakit hindi sila nagutom at tumagal ang kanilang pag-aalsa.

SA KABUNDUKAN NG SAMAR, LEYTE AT IBA PANG BUNDOK SA PILIPINAS SA IKA-20 DANTAON

Tuwing Mahal na Araw, may panata ang mga mamaratbat at parasabat,³⁷ katuwang at tagasagot sa pagdarasal ng mamaratbat, na umakyat sa Burol Catmon sa Tolosa, Leyte upang magdasal. Inaawit nila ang Pasyon o dinarasal ang rosaryo habang umaakyat. Pawang nakasuot sila ng kulay puting damit at may belo rin sa ulo.

Sa Panay, may usapan ang mga babaylang magtipun-tipon at umakyat sa bundok kada ikapitong taon.³⁸ Ginagamit pa rin ang salitang babaylan sa isla ng Panay.³⁹ Panata itong hindi napuputol hanggang ngayong ika-21 dantaon.

Bakit sa kabundukan sila nagtitipon upang magdasal?

Naniniwala ang mga mamaratbat at babaylan na may kapangyarihan ang bundok. Bukod sa malayo sa pakikialam ng kabihasnan, mayroong kapangyarihan sa kabundukang nanggagaling sa higit na makapangyarihan kaysa sa tao. Sa pagtatayo ng *Confradia de San Jose* ni Apolinario Dela Cruz o Hermano Pule noong 1832, inilipat nila sa mas estratehikong lugar sa Aritao sa paanan ng Bundok San Cristobal sa pagitan ng Laguna at Quezon ang kanyang kuta. Sa kabundukan nagsasagawa ng rituwal si Hermano Pule. Nagmula sa kabundukan, walang takot⁴⁰ na lumulusob ang mga kasapi ng Confradia sa mga Espanyol pagkabasbas sa kanila ni Hermano Pule.

Gayundin, pinaniniwalaan nilang may kapangyarihang nagmumula sa Bundok Banahaw kung saan naroon ang Rizalistang grupong tinatawag na *Ciudad Mistica de Dios*, na may mga babaeng suprema at babaeng pari. Mayroon silang kumbento ng mga paring babae, ospital, at paaralan sa komunidad na ito sa kabundukan. Pawang nakaputi, nagsasagawa rin sila ng rituwal ng babaylan. Saksi ang mananaliksik na ito sa isang rituwal na isinagawa nila sa pamumuno si Isabel Suarez, ang kanilang suprema, noong 1993.

LIHIM NG MGA MAMARATBAT SA LEYTE AT SAMAR

Magandang pagtuonan ng pansin ang nilalaman ng dasal ng mga mamaratbat, na kababaihan ang karamihan at pinuno ng dasal sa Silangang Kabisayaan sa ika-21 dantaon— katulad ng mga babaylan noong panahon ng mga Espanyol. Bagaman Katolikong dasal ang dinarasal nila, mababasa rito ang mga kahilingan at hinaing ng mga kababaihan pati na ang mundong ginalawan ng mga babaylan mula sa malayong panahon kung susuriing mabuti ang konteksto ng mga salitang ginamit sa wikang Binisaya o Waray. Pagsasanib (“syncretism”)⁴¹ ito ng tradisyong babaylan at Katolisismo. Ito ang naging resulta sa “hugpungan ng katutubong kalinangan at Kristiyanismo.”⁴²

Nawala man ang salitang babaylan at naging aswang si Asuang, naggugumiit naman sa kamalayan ng mga Bisaya ang saloobin ng mga ninunong nangangarap at kumikilos para sa *kalugaringon* (pagsasarili), *tiklos* (bayanihan) at *kahimayaan* (kaginhawaan).⁴³

BAYANIHAN SA KONTEMPORANYONG PANAHOON ANG “COMMUNITY PANTRY”

Umiiral ang bayanihan (Tagalog), burubligay (Bisaya) at pagtinabangay (Mindanaw) sa anumang bayan sa Pilipinas sa panahong may pangangailangan lalo na sa gitna ng digmaan, kahirapan, gutom at sakit katulad ng sa kasalukuyang panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19. Sa pagtatayo ng mga Maginhawa Community Pantry sa Quezon City na sinimulan ni Ana Patricia Non ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman nitong 2021, tinatawag na “hapag ng bayan” sa wikang Tagalog,⁴⁴ makikita ang sariling pagkukusa at pagmamalasakit ng karaniwang mamamayan sa gitna ng krisis na kinakaharap ng henerasyong ito.

Mauugat ito sa kalinangang babaylan at bagani sa Kabisayaan bago pa man dumating ang mga dayuhang mananakop sa Pilipinas noong ika-16 na dantaon. Nananatili itong buhay⁴⁵ hanggang ngayong ika-21 dantaon—sa iba’t ibang anyo at katawagan patungkol sa pagiging magalang, matulungin, palakaibigan, maawain, at mapagmahal.⁴⁶ Bunsod ito ng kalinangang matrilenyal na bagaman nagkaroon ng kakaibang hugis pagpasok ng Kanluraning kaisipang sanhi ng kolonisasyon sa pagdaan ng panahon nanatili naman ang esensya at kabuluhan nito sa kaibuturan ng lipunang Pilipino.

Sa bayanihang ito nag-ugat ang mga pangalan ng bayan sa Kabisayaan katulad ng Campetic (kan Pitik), Candahug (kan Dahug), Carigara (kari Gara), Dagami (kan Dagami) sa Leyte; Calbiga (kan/kanda Biga), Gandara (kan

Dara), Calbayog (kan Bayog) at Catbalogan (kanda Balog/Balogan) sa Samar. Gayundin ang Candoni (kan Doni) at Calatrava (ka la Traba) sa Negros; at Calape (kan Lape), Candijay (kan Dihay), at Jetafe (Hi Tape) sa Bohol.⁴⁷

Nakalangkap sa mga salitang ito ang mga birtud—agimat ang pakahulugan sa lipunang Bisaya—ng pagkakaroon ng mabuting loob, pagmamalasakit sa kapuwa, pagpapakumbaba at katapatan. Pawang mga katangian ng baganing mandirigma kahit na nawala na ang salitang ito sa lipunang Bisaya ngunit nanatili naman sa mga Manobo sa Silangang Mindanao. Nawala rin ang salitang babaylan sa Leyte at Samar ngunit nanatili rin naman ang papel na ginagampanan nito sa lipunang Bisaya sa pamamagitan ng mamaratbat. Gayundin nanatili ang saloobin ng mga bagani at babaylan: Mababasa ito sa mga idinarasal ng mga mamaratbat na kahimayaan (kaginhawaan) at kalungaringon (pagsasarili) na pawang nakasalig sa *katuuran* (katotohanan), *katadungan* (kawastuhan), at *katalwasan* (kaligtasan).⁴⁸

Diwa ng bayanihan ang umiiral sa Kabisayaan hindi lamang sa paglilipat-bahay kundi pati na rin sa pagsasaka ng lupa. Mula sa salitang bayan, nabuo ang salitang bayani. Kapag pinagsama-sama ang mga bayani (bagani sa salitang Manobo sa Mindanao) ng isang bayan, nagkakaroon ng bayanihan. Katumbas ito ng salitang tiklos o burububligay sa Leyte at Samar at bayanihan ng wikang Tagalog.

Bago pa man dumating ang mga mananakop na Europeo, umiiral na ang pagpapatanim ng mga datu sa kanilang nasasakupang pook. Mga aliping namamahay ang

inaatasan ng datu na magtanim sa kanyang nasasakupang lupa.⁴⁹ Walang nagmamay-ari ng lupa. Ibinibigay ang ani sa datu ngunit nagtitira para sa pagkain ng mga tauhan ng datu. Sa ilalim ng “usufruct,”⁵⁰ nangangahulugang pansamantalang pagtatanim sa ilalim ng ibang tao, sumanib o isinanib ito sa konsepto ng tiklos at burubligay ng Samar at Leyte. Sanhi ng pagpapatupad ng *reduccion* ng mga Espanyol, nagsilbing sentro ang *plaza complex*. Kaugnay nito, kailangang magkaroon ng estancia, encomienda, na sa kalauna’y naging hacienda, upang may mapagkunan ng pagkain mula sa mga hayupan at pananim. Itinalaga ng mga Espanyol ang mga datung namumunong siyang mamahala sa kani-kanilang mga nasasakupan. Ito ang nagbunsod sa pagtatalaga ng isang tiyak na lokasyon ng lupa sa isang partikular na datu.

Nang ika-20 dantaon, ang tiklos o burubligay para kina Bruna Fabrigar, may asawang pinuno ng Pulahanes sa Samar, ay ang kolektibong pagtatanim sa lupa ni Ti Bunang, ang tawag sa kanya. Sa kanilang paninirahan sa isang komunidad, may kolektibo o sama-samang lutuan, hapag-kainan, dasalan at sistema nang maayos na pamumuhay. Binubuo sila ng humigit-kumulang na 30 pamilya sa ilalim ng pamamahala ng isang matandang biyudang babae.

Burubligay ang nakasanayang sistema ng pagtatanim sa Samar at Leyte. Maglilinis at magtatanim, halimbawa, ang mga nagkasundong magsasaka sa palayan o bukid ng isa. Kinabukasan, sila rin ang maglilinis at magtatanim sa bukid ng isa pang kasama nila. Patuloy nilang ginagawa ito hanggang sa ang lahat ng kanilang palayan o taniman ay malinisan at mataniman lahat. Umiiral din sa Silangang

Kabisayaan ang tiklos kung saan napupunta sa nag-ani, halimbawa, ang apat na tumpok ng palay samantalang napupunta naman sa may-ari ng lupa ang anim na tumpok sa kabuuang 10. Ganito ang diwa ng burububligay at tiklos.

Nangangahulugan namang hininga, paghinga at buhay ang salitang ginhawa sa Kabisayaan. Ito ang hinahangad ng mga babaylan sa simula pa lamang. Kaugnay ito ng maalwang pamumuhay na dulot ng maayos na paghinga. Kapag maayos ang daluyan ng hininga at maginhawa ang pakiramdam, tiyak na may maayos na buhay.

Nakakamit ang ginhawa sa buhay sa maalwang pamumuhay. Mahigpit na nakadikit ito sa pagkain. Pinakamahalagang pagkain sa Kabisayaan ang bigas na nagmumula sa palay. Para sa mga magsasaka, maginhawa ang pagkakaroon ng pagkakataong mag-imbak ng maraming palay, ipagiling o bayuhin ito, at maging bigas. Kahit makakain man lang ng mainit na kanin ay napakahalagang aspekto sa buhay at ikagiginhawa ng mga Bisaya. Kapag wala ng bigas, isang alternatibong pagkain ang giniling na mais at mga kamoteng kahoy, kamoteng baging, tugi, palawan at iba pang naaaning *rootcrop*.

Mauugat sa Austronesyanong wika ang “hemay” o humay sa Kabisayaan, nangangahulugang palay. Mahihinuha ang taas ng antas ng pagkilala sa palay na nagbibigay ng ginhawa sa Katolikong dasal ng mga mamaratbat. Anila:

“Maghimaya ka, Maria. Napupuno ka ng grasya.”
(Hail Mary, full of grace...)

O ng:

“Himaya sa Amay; Himaya sa Anak; Himaya sa Espiritu Santo.” (Glory be to the Father, to the Son and to the Holy Spirit).”⁵¹

Mahigpit na nakaugnay sa lupa ang kaginhawaan ng kabuhayan sa Kabisayaan. Kawalan ng sariling lupang pinagmumulan ng pagkain at kaginhawahan ang daanlibong taon nang suliranin ng kahirapan. Nagbubunga ng hemay/humay ang lupa; ang kawalan ng lupa ay nangangahulugang walang himaya (*glory*) at walang ginhawa. Ito ang ipinaglaban ng mga babaylan noon pa mang ika-16 na dantaon. Nagpatuloy ito sa ika-17, ika-18 at ika-19 na dantaon. Mula sa hinaing ng mga babaylan, uminog ito sa pagkilos ng mga Babaylanes, (nagsimula ang Katipunan sa Luzon) at naging Pulahanes sa ika-20 dantaon. Nakarating ang Katipunan sa Samar at Leyte sa kasagsagan ng Rebolusyon ng 1896. Sa katunayan, hindi sumuko ang KKK sa Kabisayaan kahit na sumuko pa si Heneral Emilio Aguinaldo at nagbigay ng instruksiyong magsuko na rin ng armas sina Heneral Vicente Lukban sa Samar at Heneral Ambrocio Mojica ng Leyte noong 1901.⁵²

Nag-iiba-iba man ang mukha at katawagan sa bawat panahon, pareho naman ang isinusulong na simulain dahil nananatili pa rin ang kawalang kalayaan, kawalang lupa, kawalang kaginhawahan ng mga naghahangad ng pagbabago, lalo na ang mga karaniwang mamamayan sa Kabisayaan. Nananatili ang kanilang kahilingan sa dasal ng mga mamaratbat na minana pa sa mga babaylan sa mga salitang santigaman, bayanihan, at kaginhawaan. Pati na

ang kinatatakutang aswang o ng alimurang pesteng yawa. Gayumpaman, naggugumiit sa kaibuturan ng lipunang Bisaya ang pagiging palakaibigan, tapat, mapagmalasakit, masayahin, at mapagbigay⁵³ sa anumang panahon sa kasaysayan.

Magtataka pa ba tayo kung bakit palaging bukas ang hapag-kainan ng mga Pilipino? Palaging nag-aalok ng: “Kain po tayo” kahit na sa mga hindi kakilala kapag oras na ng pagkain at napatingin o naparaan sa kanila. O ng tanong na pambungad palagi na: “Kumain ka na ba?” sa mga kakilalang dumadalaw sa bahay.

Ang hapag-kainan sa loob ng bahay ay maaaring dalhin sa labas sa hapag ng bayan lalo na sa panahon ng krisis kung saan marami ang walang sariling lupa, walang trabaho at marami ang nagugutom sa gitna ng anumang sakuna, sákit (*suffering*) at sakít (*disease*). Dala ng dalumat na ito ang bayanihang nagkaroon ng ekspresyon sa tigaman ng babaylan noon pa mang bago dumating ang mga mananakop sa Pilipinas.

NOTES

- ¹ Nagmula ang salitang kawanggawa (charity) sa kawa. Ipinaliwanag ni John Carlos Macaraig Quijano, nagtapos ng BS Community Development sa UP Diliman at ngayon ay kumukuha ng MS Environmental Science sa UPLB, na ayon sa kanyang mga guro, iniluluto nang sama-sama sa kawa ang mga kontribusyong sangkap sa pagkain ng bawa't isa sa panahon ng sakuna o anumang aktibidad na nangangailangan ng tulongan. Gawa o iniluto sa

kawa ang mga pagkaing pinagsasaluhan ng mga tao sa kanilang pagbabayanihan kaya kawang gawa o kawanggawa ito.

- 2 Isabel Suarez, personal interview, 1993.
- 3 Gloria Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar: Huggungan ng Katutubong Kalinangan at Kristiyanismo." (Masteral thesis, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 2013), 117.
- 4 Floro Quibuyen, "The Future Has an Ancient Heart: In Search of Our Antiguas Buenas Calidades. A Voyage of Rediscovery from Jose Rizal's (Ignored) Translation of Theodor Waitz's "Die Malaien" to the Jesuit Missionaries' (Forgotten) Reports on the Chamorros of Marianas," *University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies Public Policy Monograph*, (2020,) 37.
- 5 Gloria Melencio, "Southeast Asia and the Bisayas Islands: Maritime Trading and Migration (1511-1744)" (paper presented at the 7th International Conference of the International Council for Historical and Cultural Cooperation- Southeast Asia (ICHCC-SEA), hosted by the Philippine Historical Association and jointly organized by the National Quincentennial Committee, De La Salle University Southeast Asia Research Center and Hub (SEARCH) and University of San Carlos, Cebu, 28-30 October 2020), 3.
- 6 Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar," 118.
- 7 Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar," 18.
- 8 Ignacio Francisco Alcina, SJ., *History of the Bisayan People in the Philippine Islands Volume III*, (University of Santo Tomas Publishing House, 2005), 219-221.
- 9 Translated by Melencio, taken from Alcina.

- 10 Ignacio Francisco Alcina, SJ., *History of the Bisayan People in the Philippine Islands. Volume III.* (University of Santo Tomas Publishing House, 2005), 282.
- 11 Encarnacion Alzona, ed. Rizal's Correspondences with Ferdinand Blumentritt. Rizal, Dapitan, 5 April 1896. (Manila: National Historical Commission, 1964), 194-195.
- 12 Evelyn Tan Cullamar. *Babaylanism in Negros, 1896-1907.* (Quezon City: New Day Publishers, 1986), 21.
- 13 Fe B. Mangahas and Jenny R. Llaguno, eds. *Centennial Crossing: Readings on Babaylan Feminism in the Philippines.* (Quezon City: C and E Publishing, 2006), 25.
- 14 Zeus Salazar, "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas," (*Bakas Lathalain Bilang 4*, 1999), 33.
- 15 *Ibid*, 15.
- 16 Ignacio Francisco Alcina, SJ., *History of the Bisayan People in the Philippine Islands. Volume III.* (University of Santo Tomas Publishing House, 2005), 219-221.
- 17 Francisco R. Demetrio, Gilda Cordero-Fernando and Fernando N. Zialcita, *The Soul Book: Introduction to Philippine Pagan.* (Quezon City: GCF Books, 1991), 90.
- 18 Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar," 53.
- 19 Blair and Robertson, *The Philippine Islands (1674-1683)*, Volume XXXVIII, *Insurrection of the Filipinos*, 113.
- 20 Teodoro A. Agoncillo, *History of the Filipino People.* (Garotech Publishing, 1990), 106.
- 21 Horacio Dela Costa, SJ, *The Jesuits in the Philippines, 1581-1768.* (Harvard University Press, 1961), 434.
- 22 Medina's *Historia on Blair and Robertson's The Philippine Islands*, Volume XXIII, 166.

- 23 Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar," 55.
- 24 Francisco R. Demetrio, et al. *The Soul Book: Introduction to Philippine Pagan*. (Quezon City: GCF Books, 1991), 60.
- 25 Ignacio Francisco Alcina, SJ. *History of the Bisayan People in the Philippine Islands, Volume I*. (University of Santo Tomas Publishing, 2002), 61.
- 26 Ibid, 62-63.
- 27 Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar," 82-83.
- 28 Ibid, 16.
- 29 Mentioned by Dr. Rolando Borinaga in his lecture in NCCA on 23 August 2021 which was based on the unpublished work of Fr. Alcina.
- 30 Blair and Robertson (1629-1630), Volume XXIII, 8-85.
- 31 Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar," 23.
- 32 Rolando Borinaga, *Leyte-Samar Shadows: Essays on the History of Eastern Visayas*. (Quezon City: New Day Publishers, 2008), 125.
- 33 Melencio, 49.
- 34 Zeus Salazar, *Kasaysayan ng Kapilipinuhan, Bagong Balangkas*. (Lungsod Quezon, 2004), 28.
- 35 Daniel C. Talde, "Pulahanes in Samar: The Underside of the Filipino Resistance to American Rule" (Paper presented at the Visayas Conference on Philippine-American War, University of Bohol, Tagbilaran City, 27-29 Hulyo 2000), 200.
- 36 Ibid, 201.

- 37 Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar," 42.
- 38 Evelyn Tan Cullamar, *Babaylanism in Negros, 1896-1907*. (Quezon City: New Day Publishers, 1986), 21.
- 39 Alicia P. Magos, *The Enduring Maaram Tradition: An Ethnography of a Kinaray A Village in Antique*. (Quezon City: New Day Publishing House, 1992), 10.
- 40 Reynaldo C. Ileto, *Pasyon and Revolution, Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1975), 86.
- 41 John Leddy Phelan, *The Hispanization of the Philippines, Spanish Aims and Filipino Responses 1665- 1700*. (University of Wisconsin Press: Madison, 1959), 80.
- 42 Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar," 117.
- 43 Ibid, 118.
- 44 Suarez, personal na panayam, 1993.
- 45 Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar," 117.
- 46 Quibuyen, "The Future Has an Ancient Heart," 37.
- 47 Melencio, "Southeast Asia and the Bisayas Islands," 3.
- 48 Melencio, "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar," 120.
- 49 John Leddy Phelan, *The Hispanization of the Philippines, Spanish Aims and Filipino Responses 1665- 1700*. (University of Wisconsin Press, Madison), 1959, 116-117.
- 50 Laura Lee Junker, *Raiding, Trading and Feasting: The Political Economy of the Philippines*, (Ateneo de Manila University Press, 2000), 195.

- 51 Cristeta H. Esguerra, mamaratbat (ina ng mananaliksik), personal na panayam, 8 October 1999.
- 52 Reynaldo H. Imperial, *Leyte (1898-1902): The Philippine American War*. (Quezon City: University of the Philippines, 1996), 49.
- 53 Quibuyen, “The Future Has an Ancient Heart,” 37.

REFERENCES

- Agoncillo, Teodoro A. and Guerrero, Milagros. *History of the Filipino People*, Sixth Edition. Garotech Publishing, 1990.
- Alcina, Ignacio Francisco, SJ. *History of the Bisayan People in the Philippine Islands*. 3 Vols. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2005.
- Alzona, Encarnacion (ed). *Rizal's Correspondences with Ferdinand Blumentritt*. Rizal, Dapitan, 5 April 1896. Manila: National Historical Commission, 1964.
- Borinaga, Rolando F. *Leyte-Samar Shadows. Essays on the History of Eastern Visayas*. Quezon City: New Day Publishers, 2008.
- Borinaga, Rolando F. Online lecture based on Father Ignacio Alcina's unpublished work at the NCCA on 23 August 2021.
- Blair, Emma Helen and James Alexander Robertson. *The Philippine Islands 1493-1898*. 55 Vols. Mandaluyong: Cacho Hermanos, Inc., 1961.
- Cullamar, Evelyn Tan. *Babaylanism in Negros, 1896-1907*. Quezon City: New Day Publishers, 1986.
- Dela Costa, Horacio, SJ. *The Jesuits in the Philippines 1581-1768*. Cambridge-Massachusetts: Harvard University Press, 1961.
- Demetrio, Francisco R., Cordero-Fernando, Gilda, and Zialcita, Fernando N. *The Soul Book: Introduction to Philippine Pagan*. Quezon City: GCF Books, 1991.

- Ileto, Reynaldo C. *Pasyon and Revolution, Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1975.
- Imperial, Reynaldo H. *Leyte 1898-1902: The Philippine American War*. Office of Research Coordination. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.
- Junker, Laura Lee. *Raiding Trading and Feasting: The Political Economy of the Philippines*. Ateneo de Manila University Press, 2000.
- Magos, Alicia P. *The Enduring Maaram Tradition: An Ethnography of a Kinaray A Village in Antique*. Quezon City: New Day Publishing House, 1992.
- Mangahas, Fe B. and Llaguno, Jenny R., (eds). *Centennial Crossing: Readings on Babaylan Feminism in the Philippines*. Quezon City: C and E Publishing, 2006.
- Melencio, Gloria E. "Southeast Asia and the Bisayas Islands: Maritime Trading and Migration (1511-1744)." Paper presented at the 7th International Conference of the International Council for Historical and Cultural Cooperation- Southeast Asia (ICHCC-SEA), hosted by the Philippine Historical Association and jointly organized by the National Quincentennial Committee, De La Salle University Southeast Asia Research Center and Hub (SEARCH) and University of San Carlos, Cebu, 28-30 October 2020.
- Melencio, Gloria E. "Tradisyong Babaylan at Mamaratbat sa Leyte at Samar: Huggungan ng Katutubong Kalinangan at Kristiyanismo." Master's thesis, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 2013.
- Panayam kay Isabel Suarez sa lakbay- aral ng klase sa Bundok Banahaw noong 1993.
- Panayam kay Cristeta Esguerra, inang mamaratbat ng mananaliksik noong 8 Oktubre 1999.

- Phelan, John Leddy. *The Hispanization of the Philippines, Spanish Aims and Filipino Responses 1565-1700*. Madison: University of Wisconsin Press, 1959.
- Quibuyen, Floro C. "The Future Has an Ancient Heart: In Search of Our Antiguas Buenas Calidades. A Voyage of Rediscovery from Jose Rizal's (Ignored)" Translation of Theodor Waitz's "Die Malaien" to the Jesuit Missionaries' (Forgotten) Reports on the Chamorros of Marianas. University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies. Public Policy Monograph, 2020.
- Salazar, Zeus. "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas." *Bakas Lathalain* Bilang 4, 1999.
- Salazar, Zeus. "Kasaysayan ng Kapilipinuhan." *Bagong Balangkas*, Lungsod Quezon, 2004.
- Scott, William Henry. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1964.
- Talde, Daniel C. "Pulahanes in Samar: The Underside of the Filipino Resistance to American Rule." Paper presented at Visayas Conference on Philippine-American War. University of Bohol, Tagbilaran City, 27-29 Hulyo 2000.